



ANUNSYO TUNGKOL SA PAGPAPATUPAD NG APPOINTMENT AT MAILING SYSTEM PARA SA PAG-APPLY NG CONSULAR SERVICES

Ikinukumpirma ng Embahada na mananatili muna sa ngayon ang ipinatutupad nitong **appointment system** para sa mga sumusunod na consular services na kailangan ng personal na pagbisita:

- Passport Applications
- Notarial Services
- NBI Clearance
- Certificate of Appearance
- Reacquisition and Retention of Filipino Citizenship Under RA 9225

Kinukumpirma din na mananatili din ang **mailing system** para sa mga sumusunod na consular services:

- Authentication / Legalization
- Certificate de Coutume
- Certificate of Residency for Travel Tax Exemption
- Registration ID
- Reports of Birth, Marriage and Death
- Travel Document
- Certificate for Passport under Process
- at ang pagtanggap sa bagong gawang passports at iba pang consular documents na naproseso na.

Ang naging basehan ng desisyon na ito ay ang mga sumusunod na kadahilanan:

1. Pagkumpirma ng gobyernong Pranses noong 14 June 2020 na bagamat nasa green area na ang buong Pransya ay dapat maging maingat pa rin sa pagtitipon-tipon. Naghihintay ngayon ang Embahada na opisyal na abiso mula sa French Ministry of Health at sa Prefecture tungkol sa patakaran ng pagtitipon-tipon sa loob ng isang saradong lugar (o "enclosed space") gaya ng consular section, lalo ngayong panahon na wala pang vaccine ang COVID-19;
2. Malawakang pag-repair, sa mga susunod na buwan, ng basement ng Embahada dahil sa matinding pag-baha noong ika-9 ng Mayo na naging dahilan ng malaking pagkasira sa struktura, muebles, kuryente at internet connection;
3. May mga pag-aaral na nagsasabi na sa paraan ng appointment at mailing system, mas marami ang naseserbisyuhan ng Embahada kumpara sa walk-in applications. Sa appointment system, 15 minuto lang ang nilalagi ng passport applicant sa loob ng Embassy dahil na pre-process na ang kanyang application.

Kung kayo ay may emergency, huwag mag-atubiling mag-email sa paris.pe@dfa.gov.ph ng detalye ng inyong sitwasyon at ang inyong hinihinging tulong. Sigurado namang kayo'y masasagot.

Alam naming napakalaking pagsubok nitong pagdating ng COVID-19 pandemic sa bawat mamamayan at sa mga pamahalaan sa buong mundo. Nais naming ipabatid ang aming pasasalamat sa inyong malawak na pag-unawa at suporta habang sabay-sabay nating inaaral ang "new normal" o ang bagong paraan ng pamumuhay kasama ang patuloy na banta ng COVID sa ating buhay.

PHILIPPINE EMBASSY, PARIS

16 June 2020